**English title**
On the Night Before the Indak-Indak sa Kadayawan

# SA BISPERAS BAGO ANG *INDAK-INDAK* SA KADAYAWAN

**JAY JOMAR F. QUINTOS**

BATID NIYA ANG hirap ng pagbagtas sa sala-salabid na daanan pababa ng bundok. May lagusan ang bawat dako roon na tiyak niyang hahantong sa kanyang patutunguhan. Ngunit sadyang mahaba at masalimuot ang daanang kinakailangang tahakin. Lulan ng *skylab*, na minamaneho ng pinagkakatiwalaang bantay na katu-katulong niya sa pagbaba at pag-akyat sa bundok, tatawirin nila ang malawak na espasyo ng Kapatagan. Mula rito'y lilibutin nila ang daanan at kanto kung saan makikitang nagtatagpo ang mga ulap at kalupaan. Ngunit abala ang utak niya sa pagbilang sa tagal at minutong kinakailangang bunuin bago marating ang patutunguhang terminal sa población ng Digos. Iniisip niya ang kakaharaping trapiko kapag sumakay na siya roon ng bus patungo sa kanyang destinasyon kung saan kinakailangan niyang isagawa ang misyon para sa taon na ito.

Naging ritwal na para sa kanya ang pagbaba at pagtulong sa mga komunidad na sakop at karatig ng bundok. Taon-taon niya itong ginagawa sa iba-ibang pook na mayroong masidhing pangangailangan. Nang manalanta ang Bagyong Pablo sa buong rehiyon, nagkunwa siyang isang madre na miyembro ng NGO na naghatid ng tulong sa mga nakaligtas na mamamayan sa Kawalogang Compostela. Ilang daang tao ang tinabunan nang buhay ng gumuhong lupa bunsod ng bagyo na sinasabing pinalala ng pagmimina at pagtotroso. Nakiisa rin siya bilang magsasaka sa higit 500 nagsagawa ng martsa at protesta sa Kidapawan bilang tugon sa kawalan ng maaaning palay at kakaining bigas bunsod ng nagbabago-bagong klima. Nagtamo siya ng galos sa braso at nagkasugat pa ang labi bunga ng kaguluhang nagsimula sa putok ng baril. Tatlo sa mga kasama niyang magsasaka ang nasawi sa malagim na engkuwentrong iyon na nagsimula sa kumakalam na sikmura. Nagtungo rin siya sa mga munisipalidad ng Bansalan at Matanao nang yanigin ito ng sunod-sunod na lindol na nagbunga sa pagguho ng mga kabahayan at mga panghabambuhay na bitak sa maraming gusali at impraestruktura. Inihayag niya ang sarili bilang isang doktor na handang tumulong at sumaklolo sa mga residenteng nangangailangan ng tulong pinansiyal at mental. At ngayong araw na ito, narito na naman siyang bumababa sa tinitirahang bundok upang bumisita sa lungsod ng Davao, isang araw bago ipagdiwang ang *indak-indak* sa Kadayawan.

Hanggang sa marating niya ang terminal sa Digos ay pinag-iisipan pa rin niya ang katauhang gagamitin patungo sa lungsod ng Davao. Ilang beses na rin siyang nakabisita sa lungsod at samot-saring karakter na rin ang ginamit niya. Minsa'y nagkunwa siyang aktibista na nakiki-rally sa Roxas Street sa tapat ng Ateneo de Davao upang tutulan ang sunod-sunod na pagpaslang sa mga Lumad. Mayroon ding isang beses na bumisita siya at ginamit ang karakter ng matandang babaeng bugaw na tumatambay sa Central Bank. Nagkunwari siyang gumagabay sa mga babae upang mabilisang makakuha ng pink card mula city hall na kalimitang hinahanap ng mga dumaraang kostumer. Nariyan din ang nagbago siya ng anyo patungong agila at lumipad sa kalawakan ng malamlam na kalangitan ng lungsod kung saan nakikita niya mula sa itaas ang lahat ng nangyayari—mga batang naglalaro ng patintero, mga manggagawang nagtatayo ng gusali, mga mag-asawang nagtatalo sa kuwarto, at iba't ibang hugis at kulay ng karahasan sa lungsod. Bahagi ng kanyang gahom at lakas ang kalayaang mabago ang kanyang anyo patungo sa kung sino o anong ninanais niya.

Maaaring mahika ito para sa ilan o, marahil, pantasya para sa iba, ngunit naniniwala siyang kaloob ito sa kanya upang patuloy na alagaan at bantayan ang bundok at mga nasasakupan nito. At ngayon, sa kasalukuyan, sa pagitan ng mga konduktor na humihiyaw sa destinasyong tatahakin ng kanilang pampasaherong bus at mga batang nagbebenta ng hopia sa terminal, nagdesisyon siyang bisitahin ang lungsod ng Davao nang hindi nagkukunwa kundi niyayakap ang sariling katauhan. Bababa siya mula sa pinamamalagiang bundok nang hindi nagpapanggap. Isasagawa niya ang kanyang misyon nang ipinapakita ang kanyang tunay na anyo.

"Naa moy load diri?" tanong niya sa bantay sa tindahan sa loob ng terminal nang maisip niya ang pangangailangang lagyan ng load ang bitbit niyang cellphone. May dalawang tao siyang tatagpuin pagdating sa lungsod ng Davao at kinakailangan niyang tawagan at i-text ang mga ito.

"Pila imong ipa-load, angkol? Globe o Smart?"

"Katong unli text ug call na sinkwenta sa Smart. Kani ang number."

Malayo pa rin ang nililipad ng kanyang isip habang binibigkas ang numero sa cellphone na kinakailangang lagyan ng load na magagamit niya sa oras na marating ang lungsod ng Davao.

"Palit pud ko'g duha ka hopia saka RC."

"Sisenta y singko tanan, 'kol."

Agad niyang kinuha ang hopia at biniling inumin at saka inabot ang perang pambayad sa tindera. Tumatakbo nang mabilis ang oras mula nang bumaba siya sa bundok at nagbubuhol-buhol ang trapiko sa kanyang utak at sintido kung kaya't ngayon lamang niya naisip na punan ang kumakalam na sikmura. Kumagat siya nang bahagya sa hopia at humigop nang marahang-marahan sa inuming nasa plastik habang nagmamasid sa lahat ng nahahagip ng kanyang mga mata sa aligagang terminal. Hindi niya mawari kung sino ang lilisan at nagbabalik sa mga tao, lalo na't may lumbay ang pagtanaw sa nagmamadaling kilos at galaw ng mga ito sa kanyang harapan.

"Davao, Davao, mularga na taod-taod," sigaw ng konduktor ng bus.

Pagkatanggap na pagkatanggap niya sa mensaheng pumasok na ang load sa kanyang cellphone, mabilis niyang tinungo ang pampasaherong bus kung saan walang tigil ang pagsigaw ng konduktor hinggil sa nalalapit na paglisan ng sasakyan. Umakyat siya sa loob ng bus, pinagmasdan ang iba-ibang histura ng pasahero, ang mga nagkalat na tiket, at mga iniwang pagkaing binili sa terminal. Umupo siya sa pinakadulong hanay ng upuan sa kaliwa malapit sa bintana. May hatid

na rikit sa kanya ang pag-upo kalapit ng bintana. Dito'y natatanaw niya ang maraming posibilidad at patuloy na nakatutuklas ng maraming pagkakataon. Nagkakaroon din siya ng mumunting sandali upang magmuni-muni at makapag-isip hinggil sa mga misyong kinakailangan niyang isagawa. Nais niyang maging sagrado ang sandaling ito, malayo sa nagtatagisang kontradiksiyon na maaaring magpaalala sa kanya ng ilang maling desisyon sa kasaysayan.

Sa halos dalawang taon na pamamalagi lamang sa bundok at sa samot-saring balita na nalaman niya mula sa mga kakilala at katiwalang bumibisita sa kanya, sa hinuha niya'y unti-unti na ngang bumabalik sa nakagawian ang siklo ng buhay ng mga tao. Kung noo'y sinasabing may takot at pangamba ang lahat sa sakit na maaaring dumapo sa kanila bunsod ng pandemya, ngayo'y kaliwa't kanan na ang dami ng tao na lumalabas ng kanilang bahay. Ngunit, sa isip-isip niya, masisisi mo ba ang mga tao na maghangad ng kalayaan mula sa pagkakapiit sa kani-kanilang tahanan sa loob ng mahabang panahon? Sa sinasakyan na lamang niyang bus ngayon ay kapansin-pansin ang dami ng bilang ng tao na lulan nito. Tila wala na itong pinagkaiba noong mga panahon bago ang pandemya. Kahilera niya sa upuan ang isang babae na hindi niya mawari ang edad. Mahina siya pagdating sa mga ganitong bagay lalo na't sariling edad nga niya ay hindi niya matukoy. Hindi sakop ng kanyang gahom ang mga ganitong dunong ngunit batid naman niya na humantong man ang katabing babae sa hanggahan ng buhay nito, siya naman ay hinding-hindi maglalaho sa daigdig. Walang hanggahan ang kanyang pag-iral. Hindi basta-basta malalagot ang kanyang hininga sapagkat ito ang siyang hangin na ibinubuga ng mga puno. Ang pawis at luha niya ang siyang ulan na dumidilig sa mga tanim at palayan. Ang kanyang titig ang sinag ng araw at bitaminang nanunuot sa balat. Alam niya sa sariling hindi siya magwawakas o mapupuksa ninuman, siya ang simula, kalahati, at wakas.

Sinulyapan niyang muli ang katabing babae sa bus, pinagmasdan ang anyo nito na kung tutuusin ay hindi rin naman nalalayo sa kanyang hitsura. Tulad niya, mahaba rin ang buhok nito na may ilang hiblang namumuti. Kumukulubot na rin ang ilang balat nito sa mukha, gaya ng nakikita niyang repleksiyon ng kanyang anyo sa mga salaming nadaraanan. Kapwa bilugan ang kanilang mata at kayumanggi ang kulay. Ang totoo'y nakikita niya ang sarili sa katabing babae, bunsod na rin ng marami nilang pagkakatulad.

Nagmasid siyang muli sa mga nakikita sa labas ng bintana, nasa bayan na sila ng Santa Cruz. Palatandaan niya ang hanay ng lumang kabahayan na

ilang beses nang nakaligtas sa sakuna ng malalakas na lindol. Masasabing matibay ang pundasyon ng kabahayan na yari sa magandang uri ng kahoy mula sa puno ng Lomotan, Lawaan, at Kamagong na karaniwang makikita sa pinanggalingan niyang tahanan at mga karatig na bundok sa Kitanglad at bulubundukin ng Pantaron. Kapansin-pansin ang *capiz shells* na pumupuno sa mga bintana sa ikalawa at ikatlong palapag ng sunod-sunod na magagarang kabahayan. Mapapansin din ang nangungusap na hulma ng harapang bahagi ng bubong ng mga kabahayan na mawawaring humihiram ng disenyo sa mga elementong makikita sa paligid: lumiliko-likong hugis ng dahon, mga parihabang kagamitan sa pagsasaka at pangingisda, hulma't lilok ng bangka, at tekstura't guhit ng balat ng hayop.

Ngunit mapupukaw ang pansin niya ng isang pamilyar na eskinita na kanilang madaraanan nang marating ang Brgy. Bato. Kilala niya ang eskinitang iyon. Papasok doon ang bahay ng isang kakilala na minsan na rin niyang binisita maraming taon na ang nakalilipas. Isang gabi iyon nang personal niyang sadyain ang isang nagsisimulang miyembro ng Philippine Constabulary. Kakikitaan ng gilas at tapang ang bagitong PC na tinatawag ng mga nakatatanda sa kanya sa pangalan ng pinagmulan niyang barangay sa Santa Cruz. Kinailangan niyang paalalahanan ang batang PC na maghinay-hinay sa mga gawain nitong labas sa sinumpaang tungkulin. Sa hinuha niya, isa lamang ang bagitong PC na ito sa mga binigyan niya ng payo na ilayo ang sarili sa mga trabahong magsasangkot sa kanila sa rahas at lupit ng paghawak sa kapangyarihan kapalit ng mabilis na pag-akyat ng posisyon sa trabaho. Natatandaan niyang mailap at mahiyain ang batang PC habang pinangangaralan ito. Animo'y tuod na kahoy at bato na hindi makagalaw at tanging pagtango lamang ang ibinabalik na tugon. Matapos ang pagtatagpong iyon ay hindi na sila magkikitang muli ng bagitong PC, hanggang isang araw, habang kumakain siya sa isang karinderya sa Arakan, mapapanood niyang nagsasalita ito sa telebisyon at gumaganap na sa posisyon sa pambansang politika. Malayo na ito sa bagitong PC na binisita niya noon. Malaki na ang ipinagbago nito at wala na ang nagkukubling ilap at hiya na nasumpungan niya sa mukha nito ilang dekada na ang nakalilipas. Napalitan na ito ng bagsik at gaslaw na kalimitan niyang nakikita sa mga negosyante at politikong nahahalina sa gahom.

Pipihit sa isang tabi ng kalsada ang sinasakyan niyang pampasaherong bus nang marating nila ang checkpoint na nasa hanggahan ng Santa Cruz at Toril. Dito'y mayroong naghihintay na mga sundalo kung kaya't

kinakailangang bumaba ang lahat bitbit ang kani-kanilang mga gamit. Matiim ang utos ukol sa pag-inspeksiyon sa lahat ng pumapasok na tao sa Davao bunsod na rin ng mga nakatakdang pagdiriwang sa panahon ng Kadayawan—ang itinuturing na pinakamasayang selebrasyon sa kalawakan ng lungsod. Dalawang sundalo ang siyang nangunguna sa pagsisiyasat sa mga bitbit na bag at gamit ng mga pasahero. Kapwa sila may hawak ng baril.

Sa makailang ulit at beses niyang pagbaba at pag-akyat sa bundok, hindi ito ang unang beses na nasulyapan niya ang hitsura ng baril. Natatandaan niya ang isang partikular na sandali maraming taon na ang nakalilipas, natagpuan niya ang sarili sa walang pangalang bahagi ng bundok sa Bansalan nang minsang bumalik siya mula sa misyon sa ibaba. Magkasagupa sa isang engkuwentro ang pangkat ng mga armadong kadre at sundalo. Baril ang namamagitan at nagtutulay sa dalawang pangkat. May bitbit na putok ang isang panig na tutugunan naman ng isa ring putok mula sa kabilang panig. Ngunit, nahuli niya ang sariling pumapanig sa mga armadong kadre na ang ilan ay kakilala at kasabay niya sa pagtuklas sa iba-ibang estratehiya at pamamaraan ng pagbabantay sa gubat. Natatandaan niya na ang mga kadreng ito ang siyang kasa-kasama niya sa pagtatanggol sa bundok. May kiling at respeto ang mga ito sa bawat bahagi ng gubat, malay sila sa mga dako na kinakailangang ingatan, sa mga bangin na malalim ang pangangailangan sa pag-aaruga, at sa mga guwang na pinupunan ng kalinga't responsabilidad ng sakop at lawak ng bundok. Iyon ang unang beses na humawak siya ng baril, ipinutok niya sa katunggaling pangkat na kalimitan din niyang nakikita na pumapanig sa mga politiko at negosyanteng nagmamay-ari ng minahan, trosohan, at quarrying. Sa pagkakataong iyon naging malinaw sa kanya ang lahat: maikakabit sa gatilyo ng baril at daliri sa kamay ang bigat at timbang ng gahom. Ang baril na ginagamit sa paglaban at pakikibaka, ang baril na ginagamit sa trabaho, ang baril na ginagamit sa pang-aabuso ng kapangyarihan, at ang baril na nagtatakda sa buhay ng tao.

****

Mag-aalas-tres ng hapon nang marating nila ang Ecoland Terminal sa lungsod ng Davao. Kinuha niya ang kanyang cellphone at nagtipa ng mensahe rito: **Ayo! Naa nako sa Davao. Unsay oras man ta magkita?** Bumaba siya sa bus at tinungo ang bakanteng upuang bakal para sa mga

pasahero. At saka niya naulinigan ang pagtunog ng kanyang cellphone. **Maayong hapon, Apo. Puyde ko ng alas singko sa Rizal Park atbang sa SP?** Mabilis naman ang naging pagtugon niya rito: **Kita ta. Amping**. Napabuntonghininga siya at saglit na napatigil, pinagmasdan ang mga nagpaparoo't parito sa kanyang harapan na nagmula o pupunta sa kung saan mang dako ng isla-rehiyon. Ilang saglit pa, muli niyang kinuha ang kanyang cellphone at saka nagtipa ng panibagong mensahe. Nagdadalawang-isip pa siya noong una kung ipapadala ang mensahe o hindi ngunit wala na rin siyang nagawa kundi ipadala ito. **Maayong adlaw, meyor. Asa man ta magkita unya sa gabii?** Matagal niyang tinitigan ang kanyang mensahe bago ito tuluyang ipinadala sa kausap. Batid niyang wala nang atrasan sa kinakailangan niyang gawin sa oras na makipagtagpo na siya sa kikitain. Mahigpit niyang ikinulong sa kanyang palad ang cellphone hanggang sa muli itong tumunog. **Adto na lang sa balay sa Central Park, alas otso, Apo.** Bahagya siyang napatigil pagkabasa sa mensahe at saka agad itong hinarap upang tumugon sa kausap: **Okay ra.**

Nilakad niya ang kalye palabas ng Ecoland Terminal patungong Quimpo Boulevard, hindi ininda ang tirik na tirik na araw at maging ang tumatagaktak niyang pawis. Hinawi niya ang mahaba niyang buhok mula kanan patungong kaliwa na nagsilbi ring pampahid sa namumuong pawis sa kanyang noo. Sa bawat pagbisita niya sa lungsod ay nagkakaroon ng mga pagbabago rito, sumusulpot ang ilang kalansay ng impraestruktura na patungo na sa pagiging mapagmataas na gusali, nadaragdagan ang ilang barong-barong na kabahayan sa karatig na gulpo, at napapawi naman ang ilang kabahayan bunsod ng demolisyon. Nagpatuloy siya sa paglalakad hanggang sa marating ang sangandaan kung saan kinakailangan niyang pumili ng kalyeng tatahakin. Kung liliko siya sa kanan ay tutunguhin niya ang tulay na ipinangalan sa isang Amerikanong sundalo na naging gobernador ng lungsod noong mga unang taon ng kolonyalismong Amerikano. Ang sundalong ito ang minsan na rin niyang nakasagupa at tuluyang napatay ng kaibigan niyang Tagakaulo mula Malita. Kung liliko naman siya sa kaliwa ay tutuntunin niya ang daanan patungo sa gymnasium sa Quezon Boulevard na ipinangalan sa isang dating politikong kinatatakutan sa buong rehiyon ng Davao at minsan pang binansagan bilang kingpin. Mula roon, maaari siyang lumiko sa San Pedro Street at saka maghintay sa kikitain sa Osmeña Park hanggang sumapit ang alas-singko ng hapon. At doon biglang sumagi sa isip niya ang ironiya sa gawi ng pamumuhay sa lungsod, ipinapangalan ang mga lugar

at gusali sa mga makapangyarihang tao sa kabila ng mga pagkakasala at pagmamalabis ng mga ito. Pahakbang na siya upang lumiko sa kanan nang makaramdam siya ng kalam sa kanyang sikmura. Naalala niyang hindi pa pala siya nakakapananghalian; hopia at softdrinks ang huli niyang kinain bago umalis sa terminal sa Digos. Noon din niya naalalang matagal-tagal na rin siyang natatakam sa *bulcachong* sa palengke ng Bankerohan. Ito ang nagtulak sa kanya na tuntunin na muna ang Guillermo Torres St., at tahakin ang daan sa lugar na batid niyang ipinangalan sa kanya ng ilang nagdaang politiko sa lungsod na natulungan niya sa mga proyekto nito at sa pagsasagawa sa ilang matitiwasay na programa sa rehiyon.

Nagmasid-masid siya sa kanyang mga nadaraanan at kapansin-pansin ang pagiging abala ng lahat para sa linggo ng Kadayawan. Kaliwa't kanan ang pagsusulputan ng mga bangketang nagtitinda ng sariwa at bagong pitas na durian, mangosteen, lanzones, marang, at iba pang prutas na lumalago at namumunga sa sustansiyang hatid ng lupa sa rehiyon. Ang totoo'y nahahalina siya sa ganitong pagtatalo-talo sa hangin ng samyo at amoy ng mga hinog na hinog na bunga ng mga prutas. Bahagya siyang ngumiti at saka muling iginala-gala ang mga mata sa paligid. Hindi nawawalan ng tao ang bawat sulok at eskinita sa kalyeng kanyang binabagtas. Masyadong mahaba ang kinakailangang lakarin ngunit nakakatagpo siya ng saysay sa ganitong gawain—ang makitang nagsasaya at nagdiriwang ang mga mamamayan sa kanyang nasasakupan.

Mula General Douglas McArthur Highway ay tatawirin niya ang tulay ng Bankerohan. Mahaba-habang lakaran ang pagtawid sa tulay na ito na naging saksi sa maraming pitak sa lungsod. Paborito niya noon ang pagtayo sa tulay at paghihintay sa pagsapit ng dapithapon kung saan matatanaw ang unti-unti at dahan-dahang paglukob ng naaabot ng mata na bahagi ng gulpo sa lumilisang araw. Ngunit mag-aalas-kuwatro pa lamang ng hapon, hindi pa rin nagtatalo ang kulay sa langit ng papaalis na hapon at paparating na gabi. Nagpatuloy siya sa pagbagtas at saka dumeretso sa palengke ng Bankerohan upang hanapin ang lagi't lagi niyang pinupuntahang karinderya ng *bulcachong*. May lihim ang bawat lungsod at palengke, lalo na sa mga pasikot-sikot nito. Kinakailangan mo lamang magtiyaga upang matunton ang iyong hinahanap. Batid niya ang lahat ng ito kaya't sa kanyang pagmamasid at paglilibot sa bawat lungsod at palengke, alam niya ang mga kalyeng kinakailangang iwasan, ang mga eskinitang patungo sa lihim na itinatago ng lungsod, at mga karinderya na naghahain ng masarap na pagkain. Tulad sa karinderya

sa Bankerohan na naghahain ng hinahanap-hanap niyang bulcachong. May hindi mawaring sangkap na inilalagay dito na lagi't lagi'y hinahanap niya sa iba't ibang putahe na kanyang natitikman. Kakaibang timpla ng bulcachong ang mayroon sa Bankerohan kung saan malasang-malasa ang sabaw ng pinakuluang utak, taba, at buto-buto ng kalabaw. Mabiling-mabili ito tuwing gabi, lalo na't dinarayo ito ng mamamayan mula sa buong lungsod na lango sa alak at gustong mahulasan ang pagkalasing.

Nang marating niya ang hinahanap na karinderya, agad siyang nagtungo sa isang walang laman na mesa at saka umupo sa bakanteng silya. Humingi siya ng isang mangkok ng bulcachong sa tindera.

"Halang, 'kol?"

"Dili lang kaayo," tugon niya sa tinderang nagtatanong kung maanghang ba ang gusto niyang timpla sa ihahain na bulcachong.

"Mag-Coke ka o tubig ra?"

"Tubig ra."

Inilapag ng tindera ang umaapaw sa sabaw na mangkok ng bulcachong sa kanyang mesa. Umuusok-usok at mainit-init pa ang sabaw sa mangkok.

"Sisenta tanan."

Kumuha siya ng isang daan sa kanyang bulsa at agad itong ibinigay sa tindera. Pinagmasdan niya ang mangkok na naglalaman ng *bulcachong* na tumutulo-tulo pa ang sabaw sa mesa. Nag-aanyaya na itong tikman ngunit tiyak niyang mapapaso siya kung hihigop agad ng sabaw mula rito. Hinipan niya ng dalawang beses ang mangkok at saka ginamit ang kutsara pansalok dito. Humigop siya ng isang beses—nagtatalo ang init at kaunting anghang sa kanyang dila. Sinundan niya ito ng isa pang paghigop, at saka ng isa pa, hanggang sa makarinig siya ng malakas na malakas na palahaw.

"Tabang! Tabangi ko!"

Nagmumula ang sigaw sa isang babae na hindi kalayuan ang posisyon sa kanyang mesa. Mangiyak-ngiyak itong humihingi ng tulong. Mahahagip naman ng kanyang tingin ang isang lalaki na nagmamadali sa pagtakbo tangan ang pambabaeng bag.

"Gikawat ang akoang bag. Tabangi ko!"

Itinigil niya ang paghigop sa sabaw at saka sinundan ng tingin ang kumakaripas sa pagtakbo na lalaki. Pinag-aralan niya ang galaw nito at saka siya dali-daling tumayo mula sa kinauupuan. Pamilyar sa kanya ang mga pasikot-sikot na eskinita sa palengke kaya't alam din niya ang mga lagusan dito. Ilang saglit pa, kumaripas na rin siya ng pagtakbo upang habulin ang lalaki. Tinunton niya ang tindahan ng prutas at saka lumiko

sa tindahan ng bulaklak. Batid niyang magkakatagpo sila ng lalaki sa pansitan sa labas ng palengke kung ito ang rutang kanyang tatahakin. Sa kilos at daanang pinili ng lalaki, tiyak niyang hindi ito pamilyar sa sala-salabid na eskinita ng palengke. Nagmamadali niyang tinungo ang pansitan kung saan niya inaasahang makakatagpo ang lalaki. Hanggang sa sumambulat nga sa kanyang harapan ang lalaki, na tangan-tangan ang bag ng babaeng humihingi ng tulong. Sinisikap ng lalaki na kumaripas sa pagtakbo ngunit agad niya itong hinablot mula sa likod. Sinikmuraan at saka sinuntok sa kanang pisngi. Humiyaw ang lalaki sa sakit ng suntok kung kaya't agad itong napaluhod.

Nagmamadaling nagtipon ang mga tao sa labas ng palengke. Kinuha ng isang matandang babae ang bag mula sa pagkakahawak ng lalaki. Mabilis itong naibalik sa babaeng nagmamay-ari nito. Sa pagitan ng iba't ibang ritmo at indayog ng ingay sa lungsod, nagsunod-sunod ang hiyaw at sigaw ng mga nakikiusyoso sa paligid.

"Isumbong 'yan kay meyor."

"Ang prisidinti na ang bahala sa imo!"

"Pisting yawa! Pagtarong diha oy!"

"Ipatokhang ka namo."

Nagsasalimbayan ang ibinabatong salita ng mga tao sa lalaki. Salit-salitan ang masasakit na salita at mga hiyaw na sumasabay sa hangin. Ang iba'y hindi na niya maunawaan habang ang ilan nama'y tuluyan nang humalo sa tunog ng iba't ibang himig at hibik ng lungsod. Ngunit malinaw niyang nadinig ang isang nagsusumamong tinig: "Maluoy mo! Naay sakit ang akoang asawa. Kinahanglan namo'g kwarta. Wala mi gidawat sa ospital. Maluoy mo!"

****

Matiim ang paggambala sa kanya ng mga katagang nadinig mula sa lalaki sa palengke. Nagpaulit-ulit ang mga katagang iyon hanggang sa marating niya ang bahagi ng Rizal Park na nakaharap sa San Pedro Street. Patuloy ang pagmumulto sa gunita niya ng lalaking humihiyaw at nagsusumamo: "Maluoy mo! Maluoy mo!" Natatandaan niyang hawak-hawak ang lalaki na nakaakma nang sunggaban ng mga tao sa palengke, ngunit, agad niyang binitiwan ang pagkakahawak dito at hinayaan itong makatakbo papalayo. May kung anong pakiramdam siya na hindi mapangalanan na kanina pa niya pinag-aaralan at tinutuklas. Hindi niya

maimapa sa kanyang pandama ang naiisip at dinadamdam. Animo'y itak ito na itinarak sa kanyang dibdib at saka ibinaon nang malalim na malalim. Iniisip niya, marahil, awa ito o kaya ay habag.

Nakaupo siya ngayon sa mga bakanteng upuan sa lilim ng puno ng sampalok. Tanaw niya sa kanyang harapan ang Sangguniang Panlungsod at San Pedro Cathedral. Mag-aalas-singko na ng hapon nang tingnan niya ang orasan sa kanyang cellphone. Ito, marahil, ang dahilan kung bakit hindi na magkamayaw ang mga tao na lumalabas at pumapasok sa loob ng Sangguniang Panlungsod. Aligaga ang lahat sa paparating na mga pagdiriwang sa Sabado't Linggo ng Kadayawan. Hindi kalayuan sa kanyang kinauupuan, masugid na nag-eensayo ng sayaw ang pangkat ng mga bata. Iwinawagayway ng mga ito ang kanilang kamay sa hangin at lumulukso-lukso naman ang paa sa lupa na tila ginagaya ang galaw ng hayop. Tiyak niyang para sa indak-indak bukas ang kanilang sinasanay na sayaw. Kanina, nang madaanan niya ang Gaisano Ilustre, inihahanda na rin ang ilang kagamitan na gagamitin sa indak-indak. Nagsisimula nang igayak ang naglalakihang imahen ng durian, waling-waling, at ang pinaghaharian niyang bundok. Kung nakuha ng mga lumikha ng imahen ng bundok ang hugis at anyo nito ay hindi na niya napagtuunan ng pansin lalo na't sariwa pa rin sa kanya ang naganap kanina sa palengke. Kung hindi niya pinakawalan mula sa mahigpit na mahigpit na pagkakahawak ang lalaking iyon, maaaring laman na ito ng mga balita bukas, sa araw ng indak-indak sa Kadayawan. Marahil, bukas na bukas din pagsikat ng araw, tatambad sa lungsod ang imahen ng lalaki sa tulay ng Bankerohan—lumulutang nang walang buhay, malmog at puno ng pasa ang buong katawan, at pumutla ang kulay sa matagal na pagkakababad sa tubig. Sumagi sa isip niya na kung magkatotoo man ito, mayroon kayang maglalakas ng loob na lapitan ang bangkay ng lalaki at saka maingat, marahan, at dahan-dahan itong kaladkarin patungong pampang? Ngunit tiyak niyang mabilis ding mapapawi ang balita hinggil sa lalaki lalo na't magiging abala ang lahat sa panonood at pagdiriwang ng indak-indak sa Kadayawan—ang pinakahihintay na selebrasyon sa lungsod kung saan walang puwang ang iba't ibang anyo ng lamentasyon.

Dinig niya mula sa kinauupuan ang ingay ng mga tao sa San Pedro Cathedral. Mahinahon naman siyang nagpadala sa paanyaya ng mga ingay na ito. Tumayo siya sa kinauupuan at saka tinawid ang tila aligagang kalye. Tumigil siya sa harapan ng simbahan at saka pinagmasdan ito nang mabuti, matagal-tagal na rin nang huli siyang magawi sa lugar na

ito. Ngunit hanggang sa ngayon ay patuloy pa rin siyang namamangha sa hugis at kurba ng bubong ng San Pedro Cathedral na animo'y nililok sa anyo ng vinta. Dagdag disenyo pa ang pagkakalagak ng krus sa gitna nito na nagpatingkad sa gahom ng gusali at ang mga kulay ng aspalto't semento na ginamit sa pagbuo ng kabuuang hulma nito. Tinungo niya ang daanan papasok sa simbahan at saka isa-isang siniyasat ang mga pagbabagong nangyari rito matapos ang ilang taon nang hindi niya pagbisita. Naroon pa rin ang mga rebulto sa gitna ng simbahan kung saan nagtatagisan ang kulay berde at dilaw. May mga pilat pa rin ang simbahan na tila hindi na kayang hilumin ng panahon. Mga galos ito na makikita sa mga piping dingding at pader na naging biktima ng dalawang beses na pambobomba mula sa mga nagdaang taon.

Akma siyang lalapit sa pulpito nang biglang tumunog ang kanyang cellphone. **Diri nako sa Rizal Park, Apo**. Ipinagpaliban na muna niya ang pagpunta sa pulpito upang dali-daling puntahan ang kikitain. Lumabas siya ng simbahan at nakipagpatintero sa mga kotse at dyip upang makatawid sa kabilang bahagi ng kalye. Luminga-linga siya sa paligid at saka nasumpungan ang kanyang kikitain. Naroon, nakatayo at nakasandal sa isang poste ang lalaki na agad namang tumango at kumaway sa kanya.

"Apo, pasayloa ko, traffic kaayo gikan Mintal."

"Okay ra, Dodong. Gidala nimo?" tanong niya sa kausap na labis ang paghingi ng paumanhin sa pagkakahuli sa napagkasunduang alas-singko na pagkikita. Isa si Dodong sa mga katiwala niya sa lungsod ng Davao. Ito ang siyang naghahanda ng kanyang mga kakailanganin at tumutulong sa mga dapat niyang isagawa sa tuwing bumababa siya patungo sa lungsod.

"Kani ang kinahanglan nimo, Apo."

Tinanggap niya ang isang maliit na itim na bag at saka pinisil ang nasa loob nito. Bahagya niya itong binuksan upang silipin. At nang matiyak na ito nga ang kanyang kinakailangan, mahigpit na mahigpit niya itong hinawakan.

"Puyde nimo gamiton ang akoang motor pero maayo kung sa Diversion Road na lang ka muagi kay traffic kaayo sa Matina."

"Salamat kaayo."

"Way sapayan, Apo. Pag-amping. Ingnan lang ko pag kinahanglan nimo'g tabang."

Ngumiti siya sa katapatang ibinibigay sa kanya ni Dodong. Bukas-loob nitong ipinahiram sa kanya ang motor na maaari niyang gamitin upang

tuluyan nang isagawa ang kanyang misyon. Kinuha niya ang inaabot ni Dodong na susi ng motorsiklo at saka niya ito sinubukang paandarin. Iginalaw niya ang manibela at inumpisahang patakbuhin ang motorsiklo. Sa pagkakataong iyon, habang binabaybay niya ang lungsod ay malinaw na malinaw niyang naulinigan ang nagtatalastasang ingay na animo'y tumataghoy. Kasabay nito ang unti-unting pagkatunaw ng liwanag at paglamon ng dilim sa kalawakan ng lungsod.

****

Hindi siya nagkamali nang sabihin niyang may lihim ang bawat lungsod. Sa Davao, malay siya sa matatamis at mapapait na danas nito, maging ang sapin-saping lihim na tumatangis na pilit itinatago at binubusalan. Hindi siya maghuhugas ng kamay sa pagkakataong ito, lalo na't tiyak niyang nagkaroon din siya ng pagkakasala sa kung papaanong nagpatuloy ang iba't ibang lihim na lungkot at lumbay sa lungsod.

Nasa bandang El Rio na siya nang halos makalaya sa buhol-buhol na trapikong nadaanan niya mula San Pedro Street hanggang Bajada. Nang tingnan niya ang kanyang cellphone, mag-aalas-siyete y medya na ng gabi. Mayroon pa siyang 30 minuto upang marating ang Central Park sa Bangkal. Muli niyang kikitain ang isang dating kakilala na minsan na rin niyang binisita sa bahay nito halos 30 taon na ang nakakaraan. Hindi pa ito politiko noon kundi isa pa lamang piskal sa lungsod. Pinaalalahanan niya ito sa nagsusunod-sunod na krimen bunsod ng isang inorganisang pangkat para sa mga bumabang kadre mula sa bundok. Tinipon ito ng mayayamang negosyante sa lungsod upang protektahan ang kanilang mga negosyo. Idinadawit ang pangalan ng piskal bilang protektor sa lahat ng ito. Natatandaan niyang naging payapa naman ang kanilang pag-uusap ngunit tila hindi sila nagkaroon ng pagkakasundo sa kung ano ang susunod na kinakailangang gawin. Sa lahat ng paratang sa kanyang kausap ay hindi ito umimik at nanatiling tahimik. Hindi na niya ito kinita simula noon, ngunit may mga panahon na dinadalaw pa rin niya ito sa lumang bahay sa Central Park Subdivision. Kapag bumibisita siya sa lungsod at may ilang oras na maaaring ilaan, sumusulyap lamang siya sa bahay nito. Naroon siya sa labas, hindi nagpapakita, tinitimbang ang bawat galaw at kilos nito. Wala na itong naitago sa kanya mula nang maging politiko. Ngunit dumating na ang panahon na kinakailangan na niya itong haraping muli, kikitain niya ito nang hindi na palihim o

kaya'y nagtatago, at sa palagay niya'y wala na itong maitatanggi sa lahat ng paratang.

Kung tutuusin, saulado pa niya ang mga pasikot-sikot sa lungsod. Makakaya pa rin niyang imapa ang mahahalagang lugar dito—ang pinagkukubling ligtas na mga espasyo at ang mga lunan na sinasabing pinamumugaran ng mararahas na lihim. Sa Diversion Road na dinaraanan niya ngayon, sa isang magubat na bahagi ng Brgy. Maa malapit sa ilog ng Davao, mayroong isang bukas na lihim ukol sa mga kuwento at mito na naganap dito. Bagaman hindi na pinag-uusapan at pilit isinisilid sa kasuluk-sulukan na pandama ng mga tao, buhay na buhay pa rin ito sa kamalayan ng mga piping saksi tulad ng mapapanglaw na puno, bitak-bitak na daanan, madidilim na kuweba, at malalalim na bangin. Hindi man sila nakakapagsalita, patuloy nilang ibinubulong sa hangin ng lungsod ang sapin-saping lihim na ito. Kung papaano, halimbawa, na sa isang bakanteng lote sa magubat na bahagi ng Maa ay mayroong kuwebang ginawang libingan ng maraming bangkay na hinatulan ng kamatayan gamit ang daliri at gatilyo.

Malaki ang oras na natipid niya sa pagdaan sa Diversion Road kaysa Matina, kung saan sinasabing usad pagong at hindi na gumagalaw ang mga sasakyan dahil sa trapiko. Ngunit may iba't ibang porma at pigura ng lungkot ang mga kalsada sa Diversion Road, bunsod na rin ng maririlim na mga daanan na kinakailangan niyang bagtasin. Narito ang ibang hitsura ng lungsod na hindi gaanong nakikita ng mga tao sa labas ng Davao. Narito rin ang mga lihim ng lungsod na lagi't lagi'y ipinagbubunying payapa, tahimik, at mahinay.

Nang makalagpas na siya Maa, batid niyang nalalapit na ang kanyang destinasyon. Dadaanan niya ang bahagi ng Matina Pangi sa Diversion Road at pagkatapos ay Bangkal na. Mayroon siyang palatandaan na karinderya na naghahanda ng masarap na Balbacua. Kapag narating na niya ito'y liliko na lamang siya pakaliwa at saka tutuntunin ang daanan patungong Central Park Subdivision. Malaya siyang makapapasok sa loob ng subdivision. Madilim ang daanan sa lugar ngunit mataas ang kumpiyansa niyang matunton ang lumang bahay sa Taal Road.

Sa isang hindi kalawakang kalyeng binibigyan ng lilim ng punong mangga, natagpuan niya ang hinahanap na lumang bahay. Tila payapa ang bahaging ito ng lungsod, tila malayo sa iba-ibang idioma ng karahasan. Mayroon siyang dinaanan na ilang nakaparadang sasakyan sa kalye. Napawi na ang maraming tao na maya't mayang bumibisita sa

lumang bahay na ito. Nawala rin ang mga sundalong todo-bantay noon sa seguridad ng buong bahay at mga nakatira rito. Sa wari niya'y hindi naman ganoon kalakihan ang lumang bahay. Mayroon lamang itong isang palapag at kadikit na isa pang bahay. Tinatakpan ng saradong asul na gate ang buong kabahayan. Pinaliligiran ito ng mga halaman at kung titingnan sa malayo, binibigyang-haplos at hiwa ng liwanag na pumupuslit sa mga siwang ng bahay mula sa kalapit na poste ng ilaw at bilog na bilog na buwan.

Pinatay niya ang makina ng motorsiklo at saka bumaba rito bitbit ang maliit na itim na bag. Alas-otso y medya pa lamang ng gabi ngunit wala nang tao sa kalyeng kinatitirikan ng lumang bahay. Kakaiba ito sa sigla ng mga tao sa downtown ng lungsod na nagdiriwang at nagkakasiyahan ngayong gabi. Mula sa kinatatayuan ay maaaninag niya ang isang tao na lalabas sa asul na gate. Sa hugis at kurba ng katawan nito at katamtamang taas ay natitiyak niyang ito ang kanyang kikitain.

"Maayong gabii, Apo. Mabungahong Kadayawan!"

"'Ayong gabii, meyor," wika niya. "Prisidinti na diay."

"Sulod ta sa balay. Ayaw kaulaw. Wala koy kauban karon, naa sila sa Ecoland," pag-anyaya sa kanya ng kausap na pumasok sa loob ng bahay at huwag nang mahiya lalo na't siya lamang ang tao rito ngayon.

Sumunod siya papasok sa garahe at doo'y nagpasya silang hindi na pumasok sa sala. Umupo sila nang magkaharap sa bakanteng upuan na may katabing maliit na mesa. Kasabay nito ang pagbilang niya sa isip kung ilang minuto o oras ang maaari niyang ilaan sa kanilang pagtatagpo.

"Unsa man, Apo? Nilugsong lagi ka. Daghan kaayo'g celebrations karon, 'no? Pasasalamat sa imoha sa tanang grasya na gihatag nimo sa Davao. Taymsa, ganahan ka og bugnaw na tubig?"

Hindi niya alam ang isasagot sa tanong ng kausap kung bakit napababa siya sa bundok at bumisita sa lungsod. Ngunit tumango-tango na lamang siya bilang tugon sa paanyaya ng kausap na ikukuha ito ng malamig na tubig. Ang totoo'y kanina pa nga siya nauuhaw. Bago pa man siya makapagsalita ay agad nang tumayo ang kausap at pumasok sa loob ng bahay upang kumuha ng malamig na malamig na tubig. Maalinsangan ang gabi sa lumang bahay.

Ngunit hindi niya alam ang isusukling tugon sa matatamis na salitang binitawan ng kausap. Nagdiriwang ang buong lungsod ngayon bilang pasasalamat sa kanya sa pagkakaloob ng masaganang ani at mapayapang buhay. Maligaya ang lahat sa muling pagsibol at pagbunga ng mga

tanim na prutas at gulay. Mahaba-habang araw ang walang pasok at trabaho kaya't marami ang nagsasaya at nagpapahinga. Mabilis din ang dagsa ng mga turistang pumapasyal sa lungsod. Ngunit sa realisasyong ito mabilis na bumulwak sa kanya ang kataga ng lalaki sa palengke ng Bankerohan. Hindi niya basta-basta makakalimutan ang mga katagang iyon. Unti-unti itong nagpapaalala sa kanya sa kung ilang lalaki at babae ang humingi rin ng awa at habag sa takot na sentensiyahan ang buhay dahil sa nagawang pagkakasala na nakaugat sa mas malalim na isyu ng karahasan. Isang busilak na papuri ang ibinigay sa kanya ng kausap na unti-unting napalitan ng mga imahen ng mga ina na tumatangis para sa kanilang anak, mga bangkay na walang pangalan at inanod sa kung saan-saang ilog, at mga maralitang tagalungsod na hindi na nabigyan ng pangalawang pagkakataon. Mga sugat ito ng kasaysayan na kinakailangan ng mahaba-habang panahon ng paghilom.

Binuksan niya ang kanina pa bitbit na maliit na itim na bag. Inilabas doon ang isang baril. Tinitigan niya ito nang mabuti at saka ikinasa. Tanging kuliglig mula sa mga kalapit na puno ng lumang bahay at ang marahang yabag ng paa na patungo sa kanyang kinaroroonan ang madirinig. Nakatungo niyang inuulinigan ang mga hakbang na iyon na papalapit nang papalapit sa kanya, at saka niya muling itinaas ang kanyang ulo at tiningnan ang kausap. May nakikita siyang kaunting lugod sa mga mata nito habang bitbit ang basong may laman na malamig na tubig. Ngunit kung maaalala lamang sa kaluguran ng mga matang iyon ang pagiging saksi nito sa maraming lihim ng lungsod, lalo na tuwing gabi, namimilog man ang buwan o hindi, ay tiyak na mawawala ang pagkalitong nararamdaman niya. Dahan-dahan niyang itinaas ang hawak na baril at saka itinutok sa kausap. Wala pang isang talampakan ang layo ng baril sa mukha ng kausap. Nasa kanyang daliri at gatilyo ngayon ang desisyon sa pagtatakda ng hanggahan sa buhay at kamatayan.

Sa lumang bahay na iyon sa Taal Road sa Central Park Subdivision sa Brgy. Bangkal, maitatakda ang hanggahan sa isang partikular na anyo ng kasakiman at kapangyarihan, habang abala sa pagdiriwang at pagsasaya ang lahat, habang pinupuno ng tao ang bawat bahagi at kasuluk-sulukan ng downtown Davao, habang niririndi ng ingay, sigaw, at mga halakhak ang hangin sa iba't ibang bahagi ng lungsod, sa gabi bago ang pinakamasayang piging sa Davao, sa bisperas bago ang indak-indak sa Kadayawan.